


## Ezra 7:11-28

# BIBLE STUDY

June 02-08

# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY



PAGTUKLAS



PAG UNAWA



PAGTUGON

# Ezra 7:11-28

Magandang Balita Biblia

## Ang Dokumentong Ibinigay ni Artaxerxes kay Ezra

11 Ito ang nilalaman ng liham na ibinigay ni Haring Artaxerxes
kay Ezra, ang pari at eskriba na dalubhasa sa Kautusang
ibinigay ni Yahweh sa Israel:
12 “Buhat kay Haring Artaxerxes;[a] para kay Ezra na pari at
eskriba ng Kautusan ng Diyos ng kalangitan,
13 “Ngayo'y ipinag-uutos ko na sinuman sa mga Israelita, mga
pari man o mga Levita sa aking kaharian, na gustong sumama
sa iyo pabalik sa Jerusalem ay pahihintulutan.

# Ezra 7:11–28

Magandang Balita Biblia

14 Isinusugo kita, at ng aking pitong tagapayo, upang siyasatin
ang mga nagaganap sa Jerusalem at Juda. Alamin mo kung
sinusunod nilang mabuti ang Kautusan ng iyong Diyos na
ipinagkatiwala sa iyo. 15 Dalhin mo ang mga ginto at pilak na
ipinagkakaloob ko at ng aking mga tagapayo sa Diyos ng Israel
na ang Templo ay nasa Jerusalem. 16 Dalhin mo rin ang lahat ng
pilak at gintong ipagkakaloob sa iyo mula sa buong lalawigan ng
Babilonia, gayundin ang mga kusang-loob na handog na ibibigay
ng mga Israelita at ng kanilang mga pari para sa Templo ng Diyos
sa Jerusalem.

# Ezra 7:11-28

Magandang Balita Biblia

17 “Tiyakin mong ang salaping ito ay gagamitin mo sa
pagbili ng mga toro, mga lalaking tupa, at mga kordero,
pati ng mga handog na pagkaing butil at alak na
panghandog. Ihandog mo ang mga ito sa altar ng Templo
ng Diyos na nasa Jerusalem. 18 Ang matitirang ginto at
pilak ay maaari mong gamitin, pati na ng iyong mga
kababayan, sa anumang naisin ninyo ayon sa kalooban ng
inyong Diyos.

# Ezra 7:11–28

Magandang Balita Biblia

19 Dalhin mo rin sa Templo ng iyong Diyos sa Jerusalem
ang mga kagamitang ibinigay sa iyo para gamitin sa
paglilingkod sa Templo. 20 Kung may iba ka pang
kakailanganin para sa Templo, kumuha ka mula sa
kabang-yaman ng hari.21 “Ako, si Haring Artaxerxes, ay
nag-uutos sa lahat ng ingat-yaman sa lalawigan ng
Kanluran-ng-Eufrates na ipagkaloob agad ninyo kay Ezra,
na pari at dalubhasa sa Kautusan ng Diyos ng kalangitan,
ang anumang hingin niya sa inyo.

# Ezra 7:11-28

Magandang Balita Biblia

22 Maaari ninyo siyang bigyan ng hanggang 3,500 kilong
pilak, 100 malalaking sisidlang[b] puno ng trigo, 10
malalaking sisidlang puno ng alak, 10 malalaking sisidlang
puno ng langis ng olibo, at gaano man karaming asin na
kakailanganin. 23 Ibigay ninyo ang lahat ng kailangan sa
templo na ipinag-uutos ng Diyos ng kalangitan. Kung
hindi ay baka ibaling niya ang kanyang galit sa aking
kaharian at sa aking mga anak.

# Ezra 7:11-28

Magandang Balita Biblia

24 Labag din sa batas na pagbayarin ng buwis ang mga
pari, Levita, mang-aawit, bantay sa pinto, manggagawa o
iba pang mga naglilingkod sa Templong ito ng Diyos.
25 “At ikaw naman, Ezra, gamitin mo ang karunungang
ibinigay sa iyo ng iyong Diyos; maglagay ka ng mga
tagapamahala at mga hukom na mangangasiwa sa lahat
ng tao sa lalawigan ng Kanluran-ng-Eufrates. Ang ilalagay
mo ay ang marurunong sa Kautusan ng Diyos. Sa hindi
naman marurunong, ituro mo sa kanila ang Kautusan.

# Ezra 7:11–28

Magandang Balita Biblia

26 Ang lahat ng sumuway sa mga utos ng Diyos o sa mga utos ng hari ay paparusahan ng kamatayan, o pagkabihag, o pagsamsam ng kanyang mga ari-arian, o pagkabilanggo.”

# Ezra 7:11-28

Magandang Balita Biblia

## Pinuri ni Ezra ang Diyos

27 Sinabi ni Ezra, “Purihin si Yahweh, ang Diyos ng ating
mga ninuno! Inudyukan niya ang hari upang pagandahin
ang Templo ni Yahweh na nasa Jerusalem. 28 Sa tulong
ng Diyos, napapayag ko ang hari at ang kanyang mga
tagapayo, pati ang lahat ng kanyang makapangyarihang
pinuno. Lumakas ang aking loob sapagkat pinatnubayan
ako ni Yahweh na aking Diyos upang tipunin at isama ang
mga pangunahing lalaki ng Israel.”

# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 7:11-28

Aking aaralin, susundin, at ibabahagi ang Kanyang Salita upang ang buhay ko ay makapagbigay kaluwalhatian sa Kanyang pangalan.

Ezra 7:11-28

# Sino si Ezra at paano siya inilarawan sa verse 11?

PAGTUKLAS 1

Sa verses 12-26, anu-ano ang mga tagubilin ni Haring Artaxerxes kay Ezra at sa lahat ng mga ingat-yaman sa probinsya sa Kanluran ng Ilog Euphrates?

# Ano ang naging tugon ni Ezra sa natanggap niyang suporta? (vv. 27-28)

Inilarawan si Ezra bilang "isang guro ng Kautusan o Batas, lalaking maalam sa mga bagay patungkol sa mga utos ng Panginoon para sa Israel." Anong kahulugan nito at paano niya nakuha ang pabor mula sa hari?

Ezra 7:11-28

Ano ang matututunan natin tungkol sa Diyos sa verse 26 sa pagsuway sa Kautusan o Batas?

Ezra 7:11-28

Bakit napakahalaga ang purihin ang Diyos at kilalanin ang mga pagpapala Niya sa ating buhay?

PAG UNAWA 3

**Isa sa mga bagay na inatas na gawin ni Ezra ay ang magbahagi ng Kautusan ng Diyos sa iba. Bilang mga Kristiyano, tungkulin din natin na aralin ang Salita upang maituro natin sa iba ang nalaman natin tungkol kay Kristo.**

Paano mo mailalarawan ang oras ng pag-aaral mo ng Bibliya? Sa palagay mo, paano mo pa ito mapapabuti?

**Isa sa mga bagay na inatas na gawin ni Ezra ay ang magbahagi ng Kautusan ng Diyos sa iba. Bilang mga Kristiyano, tungkulin din natin na aralin ang Salita upang maituro natin sa iba ang nalaman natin tungkol kay Kristo.**

Madali mo bang naibabahagi ang Ebanghelyo? Kung oo, anong pinakamahusay na kasanayan ang maaari mong ibahagi sa grupo mo? Kung hindi, ano ang mga hamon mo at paano mo malalampasan ang mga ito?

Ezra 7:11-28

PAGTUGON 1.a

Sa pagsunod sa halimbawa ni Ezra, dapat nating alalahanin na ang mga tagumpay at biyaya natin sa buhay ay mula sa Diyos, at dapat nating ibigay sa Kanya ang kaluwalhatian. Palagi ka bang nagbibigay papuri o hindi ba nagbabago ang pagbigay mo ng papuri sa Diyos sa tuwing nakakatanggap ka ng pagpapala? Paano mo ito karaniwang ginagawa?

Ezra 7:11-28

PAGTUGON 2

# MAHALAGANG
## PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 7:11-28

"Bilang isang mananampalataya, iaalay ko ang aking buhay sa pagbabasa, pag-aaral, paglalapat at pagsunod sa mga itinuturo ng Diyos sa Kanyang Salita."

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Ezra 7:11-28



## PAGTUKLAS



## PAG UNAWA



## PAGTUGON


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER




Ezra 7:11-28

# BIBLE
## STUDY

See You Next Week!

# KBCF


#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines


## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube


kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584